

Binago ng Enero 19, 2022

Mahal Naming mga Employer sa Santa Clara County:

Salamat sa lahat ng inyong ginagawa sa di-kapani-paniwalang panahon na ito upang matulungan ang ating komunidad na manatiling ligtas at makabangong muli ang ekonomiya. Talagang pinapahalagahan namin ang lahat ng inyong mga pagsisikap na baguhin ang inyong mga negosyo, at ang pang-araw-araw na buhay upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 at makaligtas ng mga buhay.

**Ang patnubay sa ibaba ay HINDI nalalapat sa mga nakatira o nagtatrabaho sa mga lugar na may pagtitipon gaya ng kulungan o shelter, at hindi rin sa mga healthcare provider sa anumang uri ng pasilidad ng healthcare.*

Ang mga employer ay dapat sumunod sa [CalOHSAs ETS](#) at maaaring makipag-ugnayan sa CalOSHA para sa mga katanungan.

Pagbubukod mula sa Trabaho

Ayon sa California Department of Public Health (CDPH), ang mga taong may mga sintomas na katulad sa COVID-19 o nasuring positibo sa COVID-19 at ilang mga indibidwal na natukoy na nalantad sa COVID-19 ay dapat maatasan na manatili sa bahay para sa isang tagal ng panahon at hindi dapat personal na dumalo sa trabaho.

Ang mga indibidwal na nasuring positibo sa COVID-19 ay maaaring magbigay ng dokumentasyon ng kanilang positibong resulta ng pagsusuri upang ipahiwatig ang kanilang pangangailangan para sa pagbubukod mula sa personal na pagtrabaho sa panahon ng kanilang pagbubukod. Dahil sa hirap na dulot ng COVID-19 sa healthcare system, karamihan sa mga empleyado na dapat magbukod o magkuwarantina ay HINDI makakapagbigay ng sulat mula sa isang doktor o nars na nagpapahiwatig ng kanilang pangangailangan na gawin ito. Hinihikayat kayo na magbigay ng access sa sick leave, pati na rin ang telework, at iba pang mga akomodasyon na *walang* indibidwal na dokumentasyon mula sa isang doktor o nars kung naisiwalat ng isang empleyado na sila ay inatasan na magbukod o magkuwarantina.

Mga Pamantayan sa Pagbabalik sa Trabaho para sa mga Kaso ng COVID-19 para sa mga Manggagawa na wala sa Healthcare

Ang isang indibidwal na nasuring positibo sa COVID-19 ay maaaring bumalik sa trabaho kung:

- hindi bababa sa buong 5 araw ang nakalipas mula nang magsimula ang kanilang mga sintomas (o hindi bababa sa 5 araw simula ng petsa ng kanilang positibong pagsusuri sa COVID-19, kung walang mga sintomas)
- bumuti na ang kanilang mga sintomas,
- hindi bababa sa 24 na oras na ang lumipas mula sa kanilang huling lagnat, nang hindi gumagamit ng mga gamot na nakakabawas ng lagnat,

- AT negatibo ang nakolektang pagsusuri* sa COVID-19 sa ika-5 araw o mahigit pa

**Mas mabuti kung Antigen Test*

Kung hindi sila pumapayag o hindi makapagpasuri sa ika-5 araw o mahigit pa, o kung ang kanilang pagsusuri sa ika-5 araw ay positibo, dapat silang patuloy na magbukod hanggang sa ika-10 araw. Ang 0 na araw ay ang petsa na nagsimula ang sintomas o ang unang positibong pagsusuri (kung walang mga sintomas), alinman ang nangyari nang mas maaga. Kung mayroon pa ring lagnat o ang iba pang mga sintomas ay hindi bumubuti, ipagpatuloy ang pagbubukod hanggang wala nang lagnat ng 24 na oras at ang mga sintomas ay bumubuti.

Mga Pamantayan sa Pagbabalik sa Trabaho para sa mga Nakipagsalamuha nang Malapitan sa COVID-19*

Lahat ng nakipagsalamuha nang malapitan ay inirerekomendang magpasuri sa 2-5 araw kasunod ng napag-alamang pagkakatantad sa isang taong pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19. Dapat din silang magsuot ng maskara kapag may kasamang iba at magmasid para sa mga sintomas ng 10 araw. Kung nagkaroon sila ng mga sintomas sa anumang oras, dapat silang kumuha ng isa pang pagsusuri kaagad at manatili sa bahay.

Kung sila ay **nagpa-boost** o **nabakunahan ngunit hindi kwalipikado para sa booster dose**, HINDI kinakailangan ang kuwarantina.

Kung sila ay **nabakunahan at kwalipikado para sa booster dose ngunit hindi pa sila nakatanggap ng isa**, dapat silang magkuwarantina, na may iksemsyon na maaari lamang silang bumalik sa trabaho, kung:

- Ang isang negatibong pagsusuri ay nakuha sa loob ng 3-5 araw pagkatapos ng huling pagkakatantad sa kaso
- Nagsusuot sila ng may tamang kasya na maskara kapag kasama ang iba sa loob ng 10 araw
- Patuloy silang walang mga sintomas

Kung sila ay **hindi nabakunahan**, dapat silang magpasuri sa ika-2-5 araw pagkatapos ng pagkakatantad at dapat DIN silang magkuwarantina ng hindi bababa sa 5 araw, bilang karagdagan sa mga pagsunod sa ibang mga rekomendasyon para sa mga nakipagsalamuha nang malapitan. Gayunpaman, sila ay hindi kailangan na manatili sa bahay mula sa trabaho sa panahon ng pagkuwarantina kung LAHAT ng 3 sa mga sumusunod na pamantayan ay natugunan:

- Ang isang negatibong pagsusuri ay nakuha sa loob ng 3-5 araw pagkatapos ng huling pagkakatantad sa kaso
- Nagsusuot sila ng may tamang kasya na maskara kapag kasama ang iba sa loob ng 10 araw
- Patuloy silang walang mga sintomas

Maaaring matapos ang pagkuwarantina sa ika-6 na araw kung walang mga sintomas at kung negatibo ang nakolektang pagsusuri sa ika-5 araw o mahigit pa. Ipagpatuloy ang pagkuwarantina hanggang sa ika-10 araw kung hindi makapagpasuri o piniling hindi magpasuri.

Tingnan ang [mga patnubay sa pagbubukod at pagkuwarantina ng CDPH](#) para sa karagdagang impormasyon o bumisita sa [sccstayhome.org](#). Ang mga employer ay maaari ring mapapailalim sa [CalOSHA Emergency Temporary Standards](#) (ETS). Para sa anumang katanungan hinggil sa paglalapat ng mga pamantayang ito ay dapat idirekta sa CalOSHA.

Mga Medikal na Sulat at Clearance

Parehong CDC at ang Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng Santa Clara County (PHD) ay **hindi naghihikayat sa mga employer na mangailangan ng isang medikal na sulat para sa clearance upang bumalik sa trabaho pagkatapos ang isang indibidwal ay may COVID-19**. Ang mga sulat na ito ay lumilikha ng mga hindi kinakailangang paghihirap para sa mga empleyado at magdudulot ng paghihirap sa sistema ng healthcare upang gumawa ng mga sulat na ito. Ang mga empleyado ay itinuturing na hindi na nakakahawa kapag natutugunan nila ang mga pamantayan na inilarawan sa itaas.

Ang inyong empleyado na nagkaroon, o nakipagsalamuha nang malapitan sa isang taong nagkaroon ng COVID-19 ay maaaring mag-print ng sulat na ito upang magsilbi sa layunin ng 1) pagpapahiwatig ng pangangailangan sa pagbukod o pagkuwarantina (kung may kasamang sintomas, positibong resulta ng pagsusuri, o pasalita o nakasulat na abiso ng pagkakalantad, 2) pagpapakita ng patunay na maaari silang bumalik sa trabaho hangga't natutugunan nila ang mga pamantayan sa itaas (higit na idinetalye sa [www.sccstayhome.org](#)).

Mga Karagdagang Mapagkukunan:

- Pangkalahatang Impormasyon sa Santa Clara County para sa Pagbubukod at Pagkuwarantina sa Bahay: <https://www.sccstayhome.org>
- Ano ang Gagawin Kapag May Isang Tao sa Lugar ng Trabaho na Nasuring Positibo sa COVID-19: <https://covid19.sccgov.org/business-guidance#employee>
- Pangkalahatang Impormasyon sa Santa Clara County para sa mga Employer: <https://www.sccgov.org/sites/covid19/Pages/business-guidance.aspx>

Salamat sa lahat ng inyong ginagawa upang mapanatiling matiwasay ang ating komunidad.